

BUNTIS ka ba at nakatira sa pook na may ZIKA?



Ang Kit sa Paghadlang sa Zika para sa mga Babaeng Buntis

Ang inyong Kit sa Paghadlang sa Zika ay naglalaman ng mga produktong tutulong sa inyong mahadlangan ang pagkalat ng Zika. Mangyaring gamitin ang mga bagay na ito upang mapangalagaan ang inyong sarili laban sa virus na Zika.

Palaging sundin ang mga Pagtuturo sa produkto.



Kulambo

- Kapag may mga lamok ang inyong silid, matulog sa loob ng kulambo.
- Namumuhay sa loob ng mga bahay ang mga lamok at kumakagat anumang oras, sa umaga o hapon man o gabi.



Mga tableta para sa paglinis ng Istagnante tubig o di umaagos na tubig

- Gumamit ng mga tableta para sa paglinis ng tubig upang mapatay ang mga larvae (itlog ng lamok) sa Istagnante tubig sa paligid ng inyong bahay, tulad ng tubig na nasa mga balde. Huwag ilagay ang mga tableta sa tubig na inyong iniinom.
- Kapag ginagamit sang-ayon sa mga Pagtuturo, ang mga tabletang ito ay hindi makakapinsala sa iyo o sa inyong mga alagang hayop (mga aso at pusa).

Ang pangwisik sa lamok



- Ang pangwisik sa lamok, gaya ng nasa kit, ay tutulong upang lumayo ang mga lamok na kagatin kayo.
- Gumamit lamang ng mga pangwisik sa mga lamok na rehistrado sa EPA kagaya ng nasa kit na ito.
- Palaging sundin ang mga Pagtuturo sa produkto.
- Para gumana ng maayos ang pangwisik kailangan mong ilagay ito gaya ng isinasaad ng mga Pagtuturo.
- Huwag iwisk sa ilalim ng pananamit.



Pangwisik na Permethrin

- Wisikan ang inyong mga damit ng pangwisik sa insekto na tinatawag na permethrin. Makakatulong ito na mapangalagaan kayo mula sa mga kagat ng lamok.
- Mapapangalagaan kayo ng 6 na linggo ng mga damit na nawisikan ng permethrin. Maaari mong labhan ang inyong mga damit hanggang 6 na beses sa loob ng 6 na linggo at ang permethrin ay andun pa rin para protektahan ka.
- Siguraduhing basahin ang mga Pagtuturo sa botelya.
- Huwag iwisk ang permethrin sa inyong balat.

Condom



- Sa panahon ng pagtatalik, posibleng makakuha ng Zika virus mula sa isang taong may Zika. Kung ikaw ay nakipagtalik sa panahon ng iyong pagbubuntis, dapat mong gamitin ang mga condom sa tamang paraan sa bawat oras.
- Maaring hadlangan ng condom ang HIV at iba pang mga sakit na naililipat sa pamamagitan ng pakikipagtalik.

Gamitin itong bag upang dalhin ang inyong mga kasangkapan na makakatulong sa iyo na maiwasan ang mga kagat ng lamok at protektahan ang inyong sarili laban sa Zika.

Hindi mananagot ang CDC para sa anumang salungat na reaksyon o pinsala na sanhi mula sa paggamit ng mga kasangkapan na nasa kit na ito. Ang mga kit na ito ay hindi inilaan upang palitan ang payo ng isang medikal na propesyonal. Ang kit na ito ay kinapapalooban ng mga kaloob sa CDC at/o mga bagay na binili gamit ang mga pondong ibinigay sa CDC. Ibinibigay ng CDC ang mga produktong nasa kit na ito bilang isang serbisyo para sa kalusugan ng publiko, ngunit ito ay hindi nagpapahiwatig ng anumang pag-endorso ng CDC o ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng US ng anumang produkto, serbisyo, o negosyo.

